



PROVINCE OF BULACAN
OFFICE OF THE SECRETARY
OFFICIAL RECEIVED

4-14-26
10:30
KX

PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 2026-03

“NAGBABAWAL SA MGA SOBRANG BIGAT O “OVER LOADED”
NA MGA MALALAKING SASAKYAN O TRUCK NA DUMAAN SA
GENERAL ALEJO SANTOS HIGHWAY, BUSTOS-PANDI ROAD
AT C.L. HILARIO HIGHWAY, SA BAYAN NG BUSTOS, BULACAN,
PAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN SA PAGLABAG AT IBA
PANG LAYUNIN KAUGNAY NITO.”

Pinagtibay sa pagtataguyod ni:

Igg. Kyle Gabrielle DR. Navarro

Tagapangulo
Lupon sa Pangkalahatan

Seksiyon 1. *Maikling katawagan* sa
Ordinansang ito. – Ang Ordinansang ito ay kikilalanin sa
maiksing katawagan na, “*Anti-Overloading Ordinance.*”

Seksiyon 2. *Layunin.* – Ang Ordinansang ito ay
naglalayon ng mga sumusunod:

1. Mapangalagaan at mapanatili ang maayos na kalagayan ng mga pangunahing kalsada sa bayan ng Bustos, Bulacan.
2. Maiwasan ang mga aksidenteng maaaring idulot ng *overloaded* ng mga sasakyan.

Seksiyon 3. *Sakop na uri ng sasakyan.* – Sakop ng kautusang ito ang mga malalaking sasakyan o trucks na dumaraan sa mga lansangan o kalsada, kagaya pero hindi limitado sa mga sumusunod:

1. Ten (10) *wheelers* at iba pang sasakyan na may mas maraming gulong;
2. dump trucks;
3. trailer trucks; at,

Igg. Martin S.J. Angeles, MMPA

Igg. Francis Albert G. Juan

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

BAKURAN NG BAHAY PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN

044 761 0069 | 11thsbbustos@gmail.com | www.facebook.com/11thSangguniangBayanngBustos/

4. iba pang kahalintulad na sasakyan

Seksiyon 4. Mga sakop na daan o kalsada. – Ang mga sakop ng kautusang ito ay ang mga sumusunod lamang:

1. General Alejo Santos Highway na tumutugaygay sa mga barangay ng Barangay Cambaog, Barangay Talampas, Barangay San Pedro, Barangay Poblacion, Barangay Tanawan, Barangay Bonga Menor, Barangay Bonga Mayor at Barangay Tibagan;
2. C.L. Hilario Highway sa Barangay Poblacion; at,

Bustos-Pandi Road na tumutugaygay sa pagitan ng Barangay Camachilihan, Barangay Buisan at Barangay Liciada.

Seksiyon 5. Limitasyon ng pinapayagang bigat ng sakay o kargada ng mga trucks. – Ang mga sumusunod ay pinapayagang bigat ng karga ng mga sumusunod na trucks:

1. Sa mga ten (10) *wheelers* at pababa, para sa mga dump trucks, at iba pang kahalintulad na sasakyan, sila ay pinapayagang magkarga ng hindi hihigit sa labing-apat (14) na metro kubiko o “14 cubic meter”;
2. Sa mga twelve (12) *wheelers* at pataas, para sa mga dump trucks, at iba pang kahalintulad na sasakyan, sila ay pinapayagang magkarga ng hindi hihigit sa labinlimang (15) metro kubiko o “15 cubic meter”;
3. Para sa mga “trailer trucks” at iba pang kahalintulad na sasakyan, sila ay maaaring magkarga ng labing tatlo at limang daang kilo (13,500 kg.) kada ehe (o *axle*) o 13,500 kg/axle.
4. Maliban sa nakasaad sa itaas, gayundin, ipinagbabawal ang pagsasakay ng mga bagay na higit ang bigat o timbang kaysa sa nakasulat o nakamarkang kapasidad nito.

Seksiyon 6. Ipinagbabawal. – Mahigpit na ipinagbabawal ang sobrang bigat o “over loaded” na mga malalaking sasakyan o truck na dumaan sa General Alejo Santos Highway, Bustos-Pandi Road at C.L. Hilario Highway, sa nasasakupan ng bayan ng Bustos, Bulacan.

Seksiyon 7. Panuntunan sa pagbibigay ng “Hauler’s Pass”. – Ang sino mang may-ari ng sasakyan na sakop ng

Igg. Martin S.J. Angeles, MMPA

Igg. Francis Albert G. Juan

Seksiyon 8. Kautusang ito ay maaaring mag-apply para mabigyan ng "hauler's pass".

- (a) Ang hauler's pass ay ibinibigay lamang sa mga sasakyang sumailalim sa inspeksyon ng Task Force Anti-Overloading;
- (b) Kung ang sasakyan ay pumasa sa inspeksiyon ng Task Force Anti-Overloading, ito ay didikitan ng sticker o ng "*Hauler's Pass Sticker*" ng Task Force sa lugar na madaling makita;
- (c) Ang sasakyang may nakadikit na sticker ay hindi na kailangan pang harangin o sumailalim sa panibagong inspeksyunan sa daan o kalsada; maliban na lamang kung mayroon lantad na paglabag sa mga itinatakdang regulasyon ng Kautusang ito.
- (d) Ang Task Force Anti-Overloading ay magtatakda ng mga dokumentong kinakailangan para sa aplikasyon sa "*Hauler's Pass*", kagaya, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod, LTO Certificate of Registration, LTO Official Receipt, Driver's License of the authorized driver, name of business owner and business address, etc.

Seksiyon 9. *Pagbabawal sa paggamit ng "Hauler's Pass Sticker" sa ibang sasakyan.* – Ang "*Hauler's Pass Sticker*" ay ididikit lamang sa sasakyang nakapasa sa inspeksyon ng Task Force Anti-Overloading. Ito ay hindi maaaring ilipat sa ibang sasakyan.

Seksiyon 10. *Bisa at Renewal ng Hauler's pass.* – Ang *Hauler's Pass* ay magkakabisa mula sa pagkakaisyu nito hanggang sa loob ng isang (1) taon. Matapos ang isang (1) taon ang Hauler's Pass ay dapat i-renew ng may-ari.

Seksiyon 11. *Hauler's Pass log book. Datos, impormasyon at mga dokumentong may kinalaman dito.* – Ang Task Force Anti-Overloading ay siyang magtatala ng mga datos ng mga sasakyan na may kaugnayan at kinakailangan para sa maayos na pagpapatupad ng Kautusang ito, kagaya ng, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod: listahan ng nag-apply, hindi pumasa sa inspeksiyon, mga pumasa sa inspeksiyon, at iba pa.

Seksiyon 12. *Pananagutan ng Task Force Anti-Overloading at ng mga kawani nito.* – Tungkulin ng Task Force Anti-Overloading ang maayos na pagpapatupad ng Kautusang ito. Ang Task Force Anti-Overloading ay siyang magtatakda ng panuntunan para sa maayos na pagpapatupad ng

Igg. Martin S.J. Angeles, MMPA

Igg. Francis Albert G. Juan

Kautusang ito. Ang sino mang tauhan na hindi sumunod o lumabag sa panuntunan ng Task Force Anti-Overloading sa pagpapatupad ng Kautusang ito ay maaaring managot ng administratibo.

Seksiyon 13. Mga singilin kaugnay ng pag-aaply at pagbibigay ng Hauler's pass. – Bago tanggapin ang aplikasyon, ang mga may-ari ng sasakyang nais mag-apply para maisyuhan ng Hauler's fee ay kailangan munang magbayad sa Tanggapan ng Ingat Yaman ng Pamahalaang Bayan ng mga sumusunod:

- | | | |
|---|---|------------------|
| 1. Application fee | - | ₱ 1,000.00/truck |
| 2. Inspection fee | - | ₱ 1,000.00/truck |
| 3. Sticker | - | ₱ 200/truck |
| 4. Miscellaneous fee (for tools, equipment and other machineries used by the Municipality in the proper implementation of this Ordinance, etc.) | - | ₱ 300.00/truck |

Seksiyon 14. Takdang singilin sa pagre-renew ng Hauler's Pass. – Bago mapaso o matapos ang bisa ng *Hauler's Pass* o sa loob ng sampung araw matapos ang bisa ng *Hauler's Pass*, ito ay maaaring i-renew sa, batay sa panuntunan ipapatupad ng Task Force Anti-Overloading at pagbabayad ng mga sumusunod:

- | | | |
|---|---|------------------|
| 1. Renewal fee | - | ₱ 1,000.00/truck |
| 2. Inspection fee | - | ₱ 500.00/truck |
| 3. Sticker | - | ₱ 200/truck |
| 4. Miscellaneous fee (for tools, equipment and other machineries used by the Municipality in the proper implementation of this Ordinance, etc.) | - | ₱ 300.00/truck |

Seksiyon 15. Pagre-renew ng lagpas sa tamang oras o "late renewal". – Sa pagre-renew ng lagpas sa tamang oras, bukod sa mga nakatandang bayaran sa pagre-renew ng Hauler's Pass, ang may-ari ng sasakyan ay magbabayad ng karagdagang "*late renewal fee*" na nagkakahalaga ng Limang Daang Piso (₱ 500.00).

Seksiyon 16. Kaparusahan na maaaring ipataw sa may-ari ng sasakyan. – (a) Ang sinu-mang may-ari ng sasakyan

Igg. Martin SJ. Angeles, MMPA

Igg. Francis Albert G. Juan

na may paglabag sa Kautusang ito ay maaaring patawan ng mga sumusunod:

- | | | |
|---|---|---------------------|
| 1. <i>Unang paglabag</i> | - | Multa ng 1,500 piso |
| 2. <i>Ikalawang paglabag</i> | - | Multa ng 2,000 piso |
| 3. <i>Ikatlo at susunod na paglabag</i> | - | Multa ng 2,500 piso |

(b) Kung ang may ari ng sasakyan at siyang nag-utos o nagpahintulot o pumayag sa drayber ng truck na lumabag sa Kautusang ito, bukod sa multang nakasaad sa itaas, ay maaaring patawan ng pagkabilanggo ng sampung (10) araw hanggang tatlong (30) araw na pagkabilanggo, batay sa ihahatol ng nararapat na Hukuman.

(c) Kung ang sasakyang gamit ng lumabag ay mayroong Hauler's Pass, ang Hauler's pass ay kaagad na kakanselahin.

Seksiyon 17. *Kaparusahan na maaaring ipataw sa nagmamaneho o drayber ng sasakyan.* – Bukod sa kaparusang maaaring ipataw sa may-ari ng sasakyan, ang drayber ng sasakyan na lumabag sa Kautusang ito ay maaaring patawan ng mga sumusunod na Kautusan:

- | | | |
|---|---|---------------------|
| 1. <i>Unang paglabag</i> | - | Multa ng 1,000 piso |
| 2. <i>Ikalawang paglabag</i> | - | Multa ng 1,500 piso |
| 3. <i>Ikatlo at susunod na paglabag</i> | - | Multa ng 2,000 piso |

Ang Task Force Anti-Overloading ay may karapatan na kumpiskahin ang lisensya ng drayber na lumabag sa Ordinansang ito na naaayon sa umiiral na Pambansang Polisiya ng Land Transportation Office (LTO) at iba pang ahensyang kaugnay nito.

Seksiyon 18. *"Impounding" ng sasakyan.* – Ang gamit na sasakyan ng taong lumabag sa Kautusang ito ay ii-impound sa itinalagang *impounding area* ng Pamahalaang Bayan, hanggang sa ito ay mai-surrender o mailipat ng kustodiya sa hukuman o nararapat na ahensya ng pamahalaan.

Seksiyon 19. *Pamamaraan ng pagtubos ng na-impound na sasakyan.* – Habang and na-impound na sasakyan ay nasa kustodiya o pangangalaga ng Pamahalaang Bayan, ang may-ari ng sasakyan ay maaaring tubusin ang na-impound na sasakyan, sa pasubali na siya ay magbabayad ng mga

Igg. Martin S.J. Angeles, MMPA

Igg. Francis Albert G. Juan

kinakailangang bayarin sa Pamahalaang Bayan, *clearance* mula sa Task Force Anti-Overloading at pagsusumite ng sinumpaang salaysay na kung kakailanganin ang sasakyan na ipresenta sa korte o i-surrender sa pulis, prosecutor o iba pang ahensya ay kaniya itong ibibigay, na may kaugnayan sa pag-uusig kaugnay ng paglabag na naging dahilan nang pagkaka-impound ng nasabing sasakyan.

Seksiyon 20. Takdang kabayaran sa paghila (towing), pag-iimpound at pagtubos ng na-impound na sasakyan. – Ang may-ari ng na-impound na sasakyan ay kailangang magbayad ng mga sumusunod na bayarin sa Pamahalaang Bayan upang mailabas o matubos ang na-impound na sasakyan:

1. *Towing fee*: Ang may-ari ng sasakyan na nahila (tow) ay magbabayad ng towing fee na nagkakahalaga ng Limang Libong Piso (₱ 5,000.00).
2. *Impounding fee*:
 - a. Mula ng na-impound hanggang 24 oras ang may-ari ng sasakyan ay magbabayad ng Tatlong Libong Piso (₱ 3,000.00).
 - b. Mula 24 oras at isang minuto hanggang ika-36 na oras – Apat na Libong Piso (₱ 4,000.00).
 - c. Mga susunod pang araw ay magdadagdag ng Limang Daan Piso (₱ 500.00).
3. *Clearance fee*: Dalawang Daan Piso (₱ 200.00).

Seksiyon 21. Pakikipag-ayos o pakikipagkompromiso sa Pamahalaang Bayan; Pagtatakda ng *Settlement Fee*. – Sa unang paglabag ng Kautusang ito, ang sino mang lumabag na may-ari o drayber ay maaaring mag-alok ng pakikipagkasundo o kompormiso sa Pamahalaang Bayan, sa pasubali na babayaran niya sa Tanggapan ng Ingat Yaman ang mga takdang bayarin na nakasaad sa itaas na nararapat niyang bayaran sa Pamahalaang Bayan. Sa pasubli, na siya ay magdadagdag ng settlement fee na nagkakahalaga ng Limang Daang Piso (₱ 500.00).

Seksiyon 22. Ahensyang Tagapagpatupad at Gabay sa *Pagpapatupad*. – Maglilikha sa pamamagitan ng Ordinansang ito ang Task Force on Anti-Overloading na siyang

Igg. Martin S.J. Angeles, MMPA

Igg. Francis Albert G. Juan

mangangasisiwa sa pagpapatupad ng lahat ng probisyon ng Anti-Overloading Ordinance na ito at control ng Punong Bayan, na

Seksiyon 23. magpapatupad ng Kautusang ito. Inaatasan rin ang Task Force on Anti-Overloading na magbalangkas ng gabay sa pagpapatupad ng mga tadhanain ng Kautusang ito.

Ang Task Force bubuunin ng mga sumusunod:

1. Over-All Chairperson - Punong Bayan
2. Chairperson - Pambayang Tagapangasiwa
3. Vice Chairperson - Chief of Police o kinatawan ng PNP Bustos
4. Member - Municipal Treasurer's Office
Traffic Management Unit
Tagapangulo ng Lupon sa Transportasyon at Kaligtasang Pambayan ng Sangguniang Bayan

Seksiyon 24. *Paglalaan ng Pondo.* – Para sa maayos na pagpapatupad ng Kautusang ito, ang pamahalaang Bayan ay maglalaan ng taunang pondo ng Pamahalaang Bayan.

Seksiyon 25. *Pagsususog na Sugnay.* – Ang mga naunang Kautusan at Kapasiyahan na hindi naayon o taliwas sa mga itinatadhana ng Kautusang ito ay iniaangkop, binabago, sinususugan o pinawawalang bisa.

Seksiyon 26. *Paghihiwalay na Sugnay.* – Na alin mang bahagi o mga bahagi ng Kautusang ito na mapatunayang labag sa batas o sa Saligang Batas ay hindi magpapawalang bisa sa ibang bahagi na siyang mananatiling may bisa at epektibo.

Seksiyon 27. *Pagkakabisang Sugnay.* – Ang Kautusang ito ay magkakabisa matapos na ito ay mapagtibay at maipaskil sa dalawang (2) hayag na lugar sa pamahalaang lokal sa loob ng tatlong (3) magkakasunod na linggo at mailathala sa pahayagang umiiral sa buong lalawigan ng Bulacan.


Igg. Martin S.J. Angeles, MMPA


Igg. Francis Albert G. Juan

ISINASABATAS, ngayong ika-9 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.


Phillip Weyner B. Santos
Kasangguni



Kyle Gabrielle DR. Navarro
Kasangguni



Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni



Aljhaneal E. Quinones
Kasangguni



Leo T. Santos
Kasangguni


Melvin H. Melencio
Kasangguni


John Erick L. Perez
Kasangguni


Engr. Gliceria M. Perez
Kasangguni



Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay


Mel Ryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan


Martin SJ. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan


— ■ —
PAGPAPATUNAY:

Pinatutunayan ko na ang Kautusang ito ay isinabatas ng Sangguniang Bayan ngayong ika-9 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim.


ATTY. GERARDO S. BRIASA
Kalihim

Sinang-ayunan:

Nilagdaan ngayong ika- 8 ng April 2020


FRANCIS ALBERT G. JUAN
Punong Bayan